# Ex Novo Mvndo

1. Samsara
2. Talandiklab
3. Unang Liwayway
4. Ang Bagong Mundo
5. Apoteosis
6. Indakuna
7. Morning Playlist
8. Casus Belly
9. Sapo
10. U Kamelopardalis
11. Manunggul
12. Mebuyan
13. Pagsilang

Minsan na rin kitang sinulatan nang mahaba-haba hinggil sa pagbabalik ko mula sa naturang mga bagong rehiyon na nahanap natin at ginalugad kasama ng flota, ayon sa gugol at atas ng Kamahal-mahalang Hari ng Portugal. At ang mga ito ay makatuwiran ngang tawagin na isang bagong mundo.

—Amerigo Vespucci

# Samsara

May bahagi ang katawan na lumubog
na barko, itim na karagatan, at ako ang mandaragat
na inanod sa kakatwang dalampasigan,

nagigising nang siláw sa kumikisap na ilaw,
walang maalaala bukod sa kakayahang huminga.
May tubig na anong lalim sa baga, dilim

na anong lalim sa gunita, pangangailangan
ang humiyaw. May nangangapal na bigat ang lahat,
ang mga palad, ang bawat pagpikit at pagmulat,

ang sikip nitong kinagisnang kabaong,
binabaha ngayon ng malamig na boses
na walang pinagmumulan, parang buhos ng ulan,

patak-patak ng karayom na isinasauli ang lahat
kong iniwan: mga pangalan, mukha, kabuuan
ng dalawandaang taon, hanggang ang pagbangon

ay magmistulang sumpa ng muling pagkasilang.
Dalawandaang taong singkad ng mga patay
na planeta at buwan, nanaisin mo ring kainin

ang sariling pangalan. Natitikman ko ang lasa
ng dagat sa sariling pisngi, mga umaapaw na ilog
ng tabsing at hapis. Aahon sa tuyong lamig

ng barkong pangkalawakan na nagmamanhid pa rin
ang mga kamay. Nakatakda na ang lahat,
ang agos ng mga sapa, mundobalani ng mga buntala,

itong nakaw na pag-iral: ang mga letra, mga bilang
sa bakal na pulseras, ang papel nitong katawan,
ang planetang pinatutunguhan, ang bawat paparating

na lupit. Kung makapipili kang muli, anong tunog
ang ihuhugis sa sariling pag-iral, o kung hindi rito ay saan
ka lulutang, kung makapipili kang muli, kailan, sa aling Lupa,

mo nanaisin, kung magkakamaling piliing muli pang isilang?

# Talandiklab

Dalawang dantaon at alam na natin ang itatawag sa lahat
maliban sa kaibigang hindi matabihan
pagkatapos ng mahabang pagkasunog.
May talang nilalamon ng sariling pagbabaga,
at sandali itong hindi ko na ulit alam ang sasabihin.

Nakadungaw muli si Mira sa itim na unat ng kalawakan.
Kahit saan, maiipon pa ring alikabok sa paligid
ang libag at kalungkutan. Tatlong buwan
bago lumapag sa bagong planeta at tulad ko,
hindi niya na rin kilala ang mga bituing nagdaraan,
ang kani-kanilang pag-iisa lamang. Ayaw kong isipin
ang kanyang mga naiwan. Iniilawan ng komputadora
ang pisngi niya, hinahaplos ng tanglaw ang mga labing tikóm.

At ako rin, magiging sumasabog na bituin
kung isasaysay ang lahat ng pinagsisisihan.
Umid na ulit ang mga ulanag.
May mga agwat na ang pinagsaluhang pananahimik
ang tanging makatatawid. Tatabihan ko siya
sa paanan ng kama, at isasandal niya ang ulo sa balikat ko.
Itatahi ang mga daliri sa mga daliri ko. Hahagkan ko siya
sa noo. Kagaya ng napakarami sa ating mga ritwal,
magsisimula kami sa pagsasalo. Ganitong sikip, lumalapot
ang lahat ng nahahaplos. Baysak ng tubig. Palad na umaagos.
Katawang nagtatanong, *bulalakaw ka ba o buwan?*
Binabaybay ng hintuturo ang malalambot na labi.
Higpit ng yakap, nagigibang agwat, nalulusaw sa bibig
ang lumbay, sumasagot ang katawan: *tala*
ng walang-balikang paglalapit, matimtiman,
kaming dalawa, halos mga bituing kambal,
nagsusubuan ng napupunding liwanag
sa laot ng karimlan.

# Unang Liwayway

Nagsayawan kami kahapon sa ibabaw ng tumpok ng dayaming nasunog ng aming paglapag. Malapot na pulut ang ligaya sa aming mga bibig, naging tula mismo ang hangin. Nagkantahan kami sa paligid ng siga. Nalango sa alak at galak.

Kagabi, bago ko nalaman ang balita, naisip kong marahil, oo nga, sa liwanag ng limang buwan, maaari tayong dito manahan. Dito magkauban, maging kalansay, maging pataba sa maitim na lupa.

Dudulas din ang lahat sa ating mga kamay. Itong mga daliring humahaplos ngayon sa dagat ng dinayong planeta, nagpupulot ng pilipit na bakal at mga sitha ng Gore-Tex sa pinilakang buhangin.

Balahak na karagatan,
apyak ng dalawang araw.
pantay-leeg ang hambalos
ng mga along naghamog
sa pira-pirasong sikpaw.

# Ang Bagong Mundo

At isa rin kayang kasalanan itong ligaya
ng pagsapit sa isang bagong daigdig
na matatahanan, hinog na, kahit ngayon,
na pag-ugatan ng buhay sapagkat hitik
sa kislot ng mga kakaibang nilalang
hindi pa man teraformado?
Sa wakas, ang unang kolonyang
lampas sa balani ng una nating bituin.
Itong panibagong lupa na sasapo sa paa,
nagmamanibalang na sa hipo ng tao.

May bakas ang bawat paglalapat
at may katotohanang hindi natin matatakasan.
Baon pa rin natin ang lahat ng ibinunga
ng masaklap nating kasaysayan: nabubulok
na plastik, protinang gulay, arawing dagitab,
mga botelya ng hangin, arkitekturang modular—
oo, may panibago tayong babaguhing mundo.
Tagaktak ng pawis. Halakhak. Mga kukong
nagbubungkal ng luad. Noon pa man, sa una
nating hininga, ay may nasimulan na tayong
haynayan ng pagbabago: mananahan din dito
ang nananahan na sa ating mga loob.

Nang bahain ng sinaunang siyanobakterya
ang Lupa ng oxihena upang makaawit ang tao
pagkaraan ng ilandaang milenyo,
may nilunod silang isang buong planetang buháy.
At nang matuto tayong mahalin ang sarili
nating hininga, ang buwis pa rin ay plane-planeta.
Kasalanan ba sa gayon ang ating ligaya?

Ginanap kagabi ang unang lamay
nitong daigdig. Nang huli ko siyang makita,
humahangos pa si David sa galak, may natuklasang
kakaiba habang inaaral ang haykapnayan
ng mga nilalang ng bago naming tahanan.
Nakangiti siyang parang si Hernán Cortés
pagkalupig ng Tenochtitlan,
ngunit mas mabango at kumpleto ang bagang.
Nahanap nila kahapon ang kanyang bangkay.
Luray na hating-katawan at bangas na mukha.

Ginusto ko sanang mag-usal ng ilang salita ng pamamaalam
mula sa sinauna nating mga pananampalataya,
isang uri ng pagpapaugat ng matatandang diyos
sa panibagong Lupa, waring pagtatanim ng mga sagradong
puno na malililiman sa pagdating ng hapis
pero alam ko rin kung ano ang tumutugis sa atin,
na laging may dala tayong dahas, mistulang kasalighay,
mistulang anino, kahit saan tayo huminga.

Nakikita ko si David, lumulutang sa maitim na batis,
napaliligiran ng lumalapot na sapin ng mikrobyong
kinakatas ng kaniyang mga retaso, dahan-dahang
gumagapang sa agos ng sapang malasapot,
na para bang kung anong nanginginain sa rabaw,
sa daluyroy ng buo-buo niyang dugo
at mga kimpal ng utak, ng mga bubog ng gusilaw
at hibla ng kamisang nilón, na hahantong sa karagatan
at mahuhulog nang marahan
sa lumalagunlong bunganga ng hayop sa kailaliman,
bubuhos sa lalamunan ng mundong walang-muwang.

# Apoteosis

Limampu nang siklo ang lumilipas
hindi pa rin mawari ng mga haynayanon ang nilalang
na pinagmumulan ng mga katok tuwing katunawan
ng lahat ng buwan. Nakatutuksong isiping kahit dito
ay may mga malignong gumaganti kapag nasaling,
o ipagpalagay na may mga bagay pang makalalabag
sa daniw na agham. Ang ugong, halimbawa,
ng mundo, mistulang makinang kumakalam,
mga singsing ng liwanag na lumulutang sa taluktok
ng malalayong bundok. Kaya nang maglawa
sa mga putikan ang mga dambuhalang bakas ng pagyapak,
muli nating binigkas ang mga mito
bilang mga diyalekto ng katotohanan.

Ang bawat alamat ay uri din ng kasaysayan.
Napatunayan na ito ng agham—tumitibay ang gunita
kung hahabihan ng sanghaya at hiwaga—ngunit palagi
ang panganib ng paghapay  at pagkalinsad,
sapagkat alaala'y kasindaling hubugin ng malambot na luad,
hamak na kuwentong paulit-ulit na isinasaysay
hanggang mag-ugat sa tainga at mamunga sa bungo.
Ngayon, halimbawa, tuwing may puputok na bulkan
ng niyebe, binabanggit ko sa mga katagayan ang pagkabata ko
sa Ganimedes, ang pakikipaghabulan sa mga pasilyo
ng kolonya sa ilalim ng upak na yelo, ang alingawngaw
ng aming mga halakhak, ngunit di kailanman ang asaran,
paanong pinilipit ko ang braso ng kalaro
habang sinusulsulan, paanong umiiyak siyang tumakbo
sa yakap ng hubad na kaanginan, at naging haligi
ng eladong karne. Walang kasaysayan kung walang gugunita.
Ni hindi ko na mahagilap ang boses ng mga naglahong
kababata. Patintero. Buwang nagyeyelo. Balantok ng Saturno.
Ano ba ang totoo kundi ang pinipili nating isaulo?

Sa loob ng isang libong taon, isasaysay rin kaya
ang ating pagdating lulan ng mahihiwagang tore
upang hubugin ang lawak nitong lupain
ayon sa ating kalooban? May limang buwan
at iilang wagas na gabi. Ang ating pinagmulan,
estatiko na lamang. Itong planeta, pinagsibulan
ng kasaganahan. Marahil, lampas na tayo
sa huling unat ng kasaysayan. Marahil totoo nga
na nililok tayo sa putik, at marahil totoo ring
mga anak tayo ng mga diyos, at samakatuwid
tayo rin ay mga diyos. Mira, nagpapatihugis ang mundo
ayon sa ating lunggati. Dagitab natin ang tanglaw
ng mga buwan. Matalab ang bakod na init ng kolonya.
Pumupusag na ang mga kawag ng bangus sa palaisdaan.
Ibig sabihin, ang lahat ng ito ay atin: lupa, tubig, langit,
paanong rahuyong inaali-aligiran ng mga *xaravisarang*,
dambuhala’t lumulutang, ang pamumulaklak ng liwanag
sa ibabaw ng ating mga tirahan tuwing kakagat ang dilim,
samantalang dati-rati ay gabi-gabing lumulusong
sa sinag ng buwan, gaano man kanipis, gaano man kalamlam.

# Indakuna

Hindi pa namin masabi kung saan ito nagmumula,
alam lamang na mapanghimok, labis na mapang-akit,
ginsang sumisigid sa ratay nang gabi: kakatwang musika,
marahil nga musika, musika ng gayta, musika ng kulintang,
musika ng mahahagong na tambol, ng *khoomei* na awiting
gumagaralgal sa lalamunan, ng mga punong lumalangitngit
pagkatapos ng kidlat, o marahil ng kulog, ng malalayong
yanig na wala pang pangalan ngunit katunog ng pagbangon
ng isa pang halimaw, ng isa pang burol, ng isa pang diyos.
Ang alam ko lang, tumutugon itong katawan,
mistulang sumasaliw sa indayog ng tugtuging narinig
sa pagkamusmos ngunit nalimot sa paglaki, o baka likas lang
na indak ng laman, lukso ng pandinig. Hindi ba sinabi ni Erik
na wala ang mga notang ito sa artsibo, itong mga notang
ni hindi maulinig ng aming mga panukat at instrumento,
maging ang ganitong mga kilos, itong mga balighong tikwas
ng tuhod, ng mga biyas, ng daliri, mga kilos na hindi ko pa
alam ang tawag. Ang alam ko lang ay napupuno ako
ng nag-uumapaw na bangis, nadadalang magpunit at magbasag,
manakal, na magkakasag sa esmeraldang sapa, na sugatan
ang pusikit na karimlan ng nanlulurang sulo.
Ang alam ko lang ay pamilyar itong pakiramdam,
waring sinaunang sayaw na hinuhubugan ng alaala
ng kamana, ng mga sihay, ng pulso, paanong alam ng adunra
na maging pangil at galamay na nagtatagong walang-igkas
sa kumunoy kahit sumisibad sa ligaya at pagtatalik
ang maliliit na nilalang sa ibabaw, sapagkat nakaabang
sa balighong tunog sa hangin, at biglang sasakmal na lang
pag-ilandang ng singasing ng nagdaraang surmay,
paanong alam ng mga nakatambang sa tubig
ang sinaunang tulang ito, ang nagngingiping malalabay
na bato, at ang kasunod nitong mga ritwal
ng pagsubo sa duguang bangkay
pagkatikom ng mga kilapsaw.

# Morning Playlist

Ibig kong sabihin, may nahagkan ka na ba sa gitna
ng isa pang kanta? Ganito ring bingit ng umaga
na nag-iin-in pa ang mga paa sa loob ng kumot
at kinakalabit ng gitara ang bawat hibla
ng mundo, ang lalamunan at ang mga daliri,
ang mga pariralang namumutawi sa labi,
kaya bakit hindi na lang patulan kahit magkulang
ang pagsuyong nagtatapos lamang dapat sa himig
ngunit bigla ngayong itutuloy sa singhap
ng isa pang napaaawit na bibig? Ganito ko ibig
magising sa mundong salat sa kape. Kasandalan mo
at tila mahahabang lansangan ang ating mga kamay
at mistulang nakadipang yakap ang ating mga langit.
Wala na ngayong musika, paalala mo,
maliban sa dinadala ng ating mga katawan.
Samakatuwid, alaala ang mga pinauulit-ulit
na tugtuging galing pa sa nasirang planeta
ng ating mga ninuno. Kung nabuhay kaya tayo sa Lupa,
nakilala kaya kita sa diin ng nagsisiksikang mga katawan?
Kung natuto nga tayong huminga at humakbang
sa buntalang sukdol-layo, malamang. Marahil may kapihan,
at nakayuko kang nakatitig sa selepono.
Marahil may tumutugtog na awiting kilala nitang dalawa.
Kapag nilapitan kita, at itinuloy ko ang himig
ng pangalan mo sa mga guhit ng matandang
kahoy, makikipagkamay ka, ngingiti, at sasama
sa aking itilapon sa mga humihikab na daan
ang ating mga kalungkutan. Tatayo tayong magkatabi
sa isang malayong dalampasigan ng mga banging apog,
ng mga inuling na bakawan at tastas na lambat
at maririnig na inuulit na litanya ng hangin
ang magkasalo nating pag-iisa, at kung gayon,
na sa dating planeta ay may mga nagkakakilala
sa internet at sa mga bar, na nagkatabi lang sa bus
o nagkabanggaan sa museo, hindi ba
maaaring hawakan ko ang mga kamay mo,

at sa ilalim ng limang buwan
at sinisino pang kalangitan
ay uma-umagang matutong awitan ka
ng panibagong na namang kanta?

# Casus Belly

Ganitong layo sa kinagisnang mundo, sino ang hindi matatakam
sa lasa ng karne? Madalas, di na rin sumasapat ang piniritong bangus,
ang pinangat na tilapya, anumang luto sa alinman sa iilang uri ng isda
na tinaglay natin sa dulo ng kalawakan bilang mga itlog na kinalirang.
May muntik pa ngang magkasuntukan nitong nagdaang linggo
habang pinag-aagawan ang huling hibla ng beykon sa kapiterya.
Ang totoo, kung alam ko rin lang noon na nangamatay na pala
ang kalahati ng mga patubuang-sihay ng lamang-baboy at lamang-baka,
malamang nakidukot na ako habang pagulong-gulong sila sa sahig.
Mira, alam kong asiwa ka sa pagkain ng karne, sa lahat ng uri
ng pagkatay, ngunit masisisi mo ba sila? Daanlibong taon tayong
sumunlad na paglawayin ng amoy ng mga nalulútong hayop,
ng linamnam ng tabâng nakahabi sa laman, ng matimyas na tunog
ng pinalutong na balat. Oo, tama ka, may mga bagay ngang walang
bawian. Ngunit marurunong na rin tayong hindi magsayang.
Pahalagahan ang buhay. Anila, aabutin ng pitong araw
bago maubos ng kusina ang nahuling malahayop. H’wag kang mag-alala,
hindi ako nakitikim. Naroon ako sa bungad nang umuwi ang mga nangaso.
Napanood kong iparada nila ang katawan ng nasilò nilang inang
*xaravisarang*, ang pinira-piraso nitong lindig, ang pugot na ulo,
at ang mga nilimliman nitong itlog na nagbabagang bughaw ang kulay
at patuloy pang tumitibok. Sa sandaling iyon, sa puyo ng hiyawan
at pagdiriwang, kahit nang ilapat nila ang unang tuhog sa ihawan,
hindi ako matakam sa kung anong dahilan. Ang tanging nasa isip
ay eksena sa isang sinaunang dokumentaryo:
isang kawan ng mga dambuhalang bayawak
naghahalukay sa pampang ng mga pugad ng pawikan.

# Sapo

Minsan, dinidibdib ko ang marahang hapdi
ng alimangong ikinulong sa timba at hindi
pinakain hanggang mamatay. Iniisip kong
mas mahabagin ang ganitong uri ng pagpaslang,
malinis, walang tilamsik ng kumukulong mantika,
o ang eksena ng desperadong pagpupumiglas
habang unti-unting naluluto ang laman sa loob
ng talukab. Oo, maaari pa ring mahabag
at makiramay sa mga nilalang na hindi kailanman
nahawakan. Napaamo na natin ang lahat
ng mga tekstura. Telang walang himulmol
ang lahat ng bagay, at kahit klima
sa loob ng silid ay kay dali nang panghawakan.
Wala nang dahilang masugatan. Kahit minsan,
hindi pa ako nakahahawak ng dugo.

Sa sinaunang Lupa, naniwala silang may anito ang lahat,
ang mga mata ng kinakatay na baka, halimbawa,
o ang bagong-aning bungkos ng palay,
ang lumuluhod na hayop, ang talim na pangkatay.
Kinaumagahan ng paglapag sa mundong ito,
ibinaon ko ang mga daliri sa luad, nilasap
ang malagkit na lamig. Pagkatapos, nagsabon
nang masinsinan. Sa wakas, may pangalan na
itong planeta, at dahan-dahan na nating nakikilala.
Kusang sinasalag ng mga bintana ng kolonya
ang sinag ng mga araw. Binubungkal ng mga robot
ang sakahan. Namamapa na ng mga dron
ang rabaw, ang mga lambak at isla. Gayunman,
may kutob akong nag-iiwan ng marka sa katawan
ang lahat ng uri ng malalim na pag-unawa.
Sa kabila ng lahat ng ibináon nating hapdi,
wala pa ring kalyo ang ating mga palad.
May kinakanta ba ang mga makina habang nag-aani

ng palay? O habang kumakatay ng mga umaryong?
Nagsasandok tayo ng ulam nang hindi naghihimay.
Mira, paano nga ba tayo mabubuhay
nang hindi gumagaspang ang mga kamay?

# U Kamelopardalis

Bumalik sa kolonya si Miguel na may lulang mga tipak ng apog
ang dala niyang mga dron. Magmula ng matiyak naming ligtas
lusungin ang dagat-dagatan, araw-araw na siyang sumisisid,
palaging nag-uuwi ng mga nahuhuling malahayop, at iba pang
samot-saring organismong hinihimay niya sa laboratoryo.
Bawat isa, bagong katuklasang binabansagan
ng maaghaming pangalan. May mga bahid
ng pagsabog ang uwi niya ngayon.
Wala na lang pumansin dahil batid naming lahat
na ang bawat pagngangalan ay uri lang ng pag-angkin.

Iisa ang tadhana ng lahat, kahit ng kaalaman.
Isang linggong ipinakulong ng Kapitan si Miguel
nang mahanap namin siyang nagsasahod ng mga botelya
sa ilalim ng estalaktitang nagkakatas ng maluluningning na patak
habang kasagsagan ng bagyo. Sa pantay-dibdib na baha,
nagpupuyos siyang kulang pa raw ang nakuha niyang mga lakda
na pag-aaralan. Balang araw, wala na ring makaaalaala
sa lahat niyang natuklasan. Magpapatak ng mga gintong butil
ang yungib. Muli, may mauumid sa pagkamangha.
Walang inmortalidad. Ang durog-durog na talukab
ng malahayop na pinasabugan ni Miguel upang madakip,
ngayon pa man ay alikabok na sa mga pasilyo ng kolonya.
Alam ko na mga arko lamang tayo ng kidlat—mga iglap
ng walang-hanggang liwanag, lilang guhit sa matang mabubura
ng iilang kurap, na kung sanga-sangang magmamarka man sa balat
ay dibuhong lulusawin din balang araw ng amag.

Pagtila ng ulan, pinagmasdan namin ni Mira ang mga bituin.
Isa-isa namin silang pinangalanan.
Bituing kanyon. Bituing pusit. Bituing tatlong-matang abikra.
Bituin ko. Bituin ni Mira.
Darating ang panahong hindi na namin maaalaala
ang sinabi namin sa isa't isa. May ibang mangangahas

magpangalan sa langit. Ibang mga hugis ang masisilip.
Kapag naubos ba ang liwanag ng isang bituin
ay kailangan pa itong hanapin? Wala talaga tayong maaangkin.
Sintang ulanag, patawad, kung mapaparam ka bukas
katulad ng talang pumanaw upang ikaw ay isilang,
malamang hindi namin ito mapansin. Mananatiling maningning
ang papawirin. Kung mabubulok ako ditong katawan,
may manginginaing mga sipit. Hindi nila mabibigkas
ang aking pangalan. Bibinyagan din sila ni Miguel.
At pagkatapos, gagapang silang pauwi sa kani-kanilang lungga,
mamamatay rin, madudurog, magiging katunog
ng dalampasigan sa ilalim ng talampakan.

# Manunggul

Ani Mira, ganito na niya nahanap
ang mga labí: hanay-hanay ng nangakadapang
katawan sa sahig ng ukà sa likod ng talón,
pawang nakahalik na bungo sa alabok,
pahatimbilog na nakapaligid sa nakalutang na patak
ng asoge. Hindi hinihipo ng anggi ang malamlam
na mga anino. Ano ba ang alam natin sa pagdaralamhati?

Madalas kumulog sa mundong ito.
Sa ikatlong libingan, nakalikmo sa isang bato
ang bangkay sa ilalim ng merkuryong esfera.
Sa sinag ng mga buwan, waring nagbabaga
ang mga guhit na nakaukit sa balat nito.
Ano kayang mga nilalang ito, na dinarang
ang kanilang mga yumao bago ikubli sa ulan?

Huwag daw naming tawaging libingan, babala
ni Iván: kahit ang mga banga na puno ng agnas
hindi ba’t mapanganib ang magbasbas
ng malay sa mga bagay na umid? Hindi lahat
ng naghihipo ng paa sa bilad na bangkay
ng kalahi ay nagluluksa. Hindi lahat ng nagbubuga
ng usok sa bibig ng patay ay naglalamay.
Wala tayong alam sa kataka-takang anatomiya
ng kanilang pagkalipol kundi ang mga naiwang pilat.

Paano, samakatuwid, nakikilala ang dalamhati?
Sa dating daigdig, may mga nilalang na humakot
sa kalansay ng kanilang mga yumao, binuhat
ang mga katawan ng patay nilang mga supling
patawid ng tatlong karagatan. Nagtabon ng patpat,
ng alikabok, at mga tuyong dahon
sa nilalanggam na mga katawan. Nang malaglag
ang una naming anak, pinilas ni Mira ang pusod

at itinapon sa malalim na dagat-dagatan. Labag ito
sa atas na pugnawin ang lahat ng namatay
at gawing pataba sa mga pananim. Hinablot niya
ang bilig at tinangay sa ilang. Bumalik na kumukulog
at wala nang ulan, puno ng lumot at luad ang mga kuko.
May bahid ng asoge sa damit. Durog na banga.
Amoy ng kamanyang.
Tayong lumaki sa dilim at hindi tinuruang tumangis,
ganito tayo muling natuto ng pagluha: sa langit.
Nabasag sa kamay ko ang urna pagyakap niya.
Umapaw na ilog ang uyayi sa kanyang mga mata.

# Mebuyan

Wala na tayong maalaala tungkol sa Lupa
kundi itong mga tinig na kalmot sa ulap
musikang walang pangalan
itong mga larawan ng mundong tiwangwang.
Sa kabila ng lahat nating agham,
malaon na tayong patay
na lahi sa samot-saring planeta. Mantakin
na tinawid na rin natin ang itim na ilog
ng Kalawakan, parang mga kaluluwang
pumapanaog sa Gimokudan.
Ito na ang huli nating pagkakataon.
Tinawag na Mebuyan itong buntala
bilang panata na lalanggasin sa wakas
sa sagana niyang mga tubig ang lahat
ng ating kalabisan at karupukan.

Sapagkat may kimerang namumuhay sa puso
ng tao. Bumabalahak ng himala.
Mapangwasak ang hininga. Totoong apoy
na tunay nating wika, silaw at darang,
lumuluksong hayop sa dibdib, maligalig,
ang nagsasayaw na anino sa bawat sunog,
parang kagabi, nang ibiro ni Arobe ang nasa
ni Mira na magkaanak. Nasaksak ko siya sa leeg
kundi lang nasalag ng palad niya ang kutsilyo.
Iniwan ko siyang duguan sa sahig. Lumabas ako
ng kolonya, naghilamos sa pinakamalapit na sapa,
naghugas ng mga siko at bibig,
uminom sa malamig na daluyroy ng tubig,
mistulang munting kambing, sumusupsop ng gatas
sa limang suso at laksang utong ng langit,
isinusuwag ang mga sungay sa kisap-kisap na lunggati
hanggang sa pumurol, hanggang tuluyang mabali.

# Pagsilang

Isinilang ang unang sanggol at napisang itlog ang langit.
Sumisikat na ang unang dalawang buwan at mataginting
ang pag-iyak ng sanggol, lumalatay sa payapang takipsilim,
at parang naririnig ko rin ang pagsipol
ng isang dambuhalang bara ng tungstenong
bumubulusok pagkatapos ihulog ng isang satélite
mula sa bingit ng kalawakan. Talagang ganoon.
May mga batas ang kalikasan na hindi nagbabago
saanmang buntala pag-aralan. Mundobalani, halimbawa.
Isa pa, Kamatayan. Sa lumang planeta,
binabati ng bangkay ng kanilang ina ang mga bagong-silang
na pugita at nangingitlog ang mga salmon sa pinagsilangan
nilang batis upang malunod sa hangin. Sumususo ang sanggol
habang may nangaglalangib pang dugo sa kaniyang mga singit.
Ito marahil ang bukal ng lahat ng aking pighati:
sapagkat minsang isinilang ang mga kabayong ilahás
nang marurunong nang tumakbo, sapagkat hindi nangalunod
ang mga balyenang bagong-panganak, sapagkat nakikita ko
ngayon ang hiwaga ng mga bituin, kung paanong natututong
lumigid sa araw ang mga planeta, ngayong nakapikit ang anak
sa dibdib ng kaniyang ina, munti at walang kalaban-laban,
bilot ng pag-ibig, ang unang ipinanganak na tao
sa loob ng halos dalawandaang taon.
Marahil, kapag sa wakas
ay naranasan niyang madapa, ikukuwento ko sa kaniya
na minsang may mga paruparong natutong uminom ng luha.
Hindi ito ang maaalala niyang galos. Sa halip, ang granadang
gaspang ng mga bato. Ang misíl ng mga tinik sa tangkay
ng pinipitas na bulaklak. Ang kaakibat nitong pagsabog
ng kirot, ang galit sa palad habang anong daling binubunot
sa lupa ang ugat ng taksil na halaman. Ito na sana ang huli
nating mundong sisirain. May mga batas ang kalawakan
na hindi nagbabago kahit saan:
na nabibiyak ang mga puso, at napakadaling lumimot,
na sa munting mga kamay ng bawat taong isisilang
ay may langkay-langkay ng bombang natutulog.